


# *Community-Based Transportation Plan (Plano sa Transportasyon sa komunidad)*
# Monterey Road Corridor

## Tulungan Kaming Pasulungin ang Transportasyon sa kahabaan ng Monterey Road Corridor sa South San Jose

Paano mo pasusulungin ang transportasyon sa inyong komunidad? Gusto naming makibahagi kayo para tukuyin ang mga hamon sa transportasyon. Kaya nating magkasamang tukuyin ang mga proyektong pinakakailangan para tulungan kayong bumiyahe nang mas maayos papunta sa inyong bahay, trabaho, paaralan, grocery store, ospital, at sa ibang destinasyon.

## Ano Ang Ginagawa Namin

Ang Santa Clara Valley Transportation Authority (VTA), sa pamamagitan ng pondong nagmumula sa Metropolitan Transport Commission (MTC), pinasimulan ang Commynty-Based Transportation Plan (CBTP) na pakikipagpartner sa Lunsod ng San José. Ang resultang Monterey Road Corridor CBTP ang tutulong sa VTA, at mga kapartner sa proyekto na matukoy ang mga pagpapasulong sa transportasyon sa hinaharap at potensyal na mapagkukunan ng pondo para sa mga proyektong ito. Malulutas ng mga pagpapasulong sa mga proyekto sa pinal na plano ang mga mahahalagang isyu, kasama na ngunit hindi limitado sa:

- Koneksyon ng bisikleta at mga naglalakad,
- Mga amenity ng pampublikong transportasyon,
- Mga pagpapasulong ng lokal na mga kalsada at kalye, at
- Pagsasanib ng teknolohiya sa transportasyon.

## Makisangkot!


Ang tagumpay ng Monterey Road Corridor CBTP ay nakadepende sa ibibigay na komento ng mga nagtatrabaho, nakatira, o bumabiyahe sa pamamagitan ng nakatalagang mga hangganan ng proyekto sa kahabaan ng Alma Avenue patungo sa hilaga at Blossom Hill Road patungo sa timog, na tinatayang may habang 5.8 na milya. Sa maaga ng tagsibol at tag-araw ng 2022, magho-host ang VTA ng ilang pagpupulong ng focus group para alamin kung anong mga espesipikong hamon ang napapaharap sa inyong pang-araw-araw na pagbabiyahe at ano sa tingin mo ang posibleng makatulong sa paglutas ng mga alalahaning ito.

May iba't ibang paraan para ka makisangkot:

- Dumalo sa focus group
- Magsaayos ng briefing para sa organisasyon o negosyo.
- Ibahagi ang iyong mga naiisip sa pamamagitan ng telepono o email.

### *Mga Kapartner sa Proyekto*

Valley Transportation Authority
Metropolitan Transportation Commission
City of San Jose — Capital of Silicon Valley
Sacred Heart Community Service




## Iskedyul ng Proyekto

| | |
|---|---|
| Enero 2022 | Project Kick-Off |
| Abril 2022 | Steering Committee Kick-Off at Dokumentasyon ng mga Umiiral na Kundisyon at Mga Kinakailangan |
| Hulyo-Disyembre 2022 | Public Engagement at Survey |
| Disyembre 2022 | Draft report Inilabas |
| Enero 2023 | Public Engagement (Pampublikong Komento sa Draft) |
| Pebrero 2023 | Final CBTP Inilabas |

## Pagpopondo ng Proyekto

Ipinagkaloob ng CBTP at Metropolitan Transportation Commission

## Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Kung interesado kang dumalo sa pagpupulong o gusto mong bisitahin ng isang kinatawan ng proyekto ang inyong organisasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa VTA Community Outreach sa (408) 321-7575, TTY (404) 321-2330 mag-email sa community.outreach@vta.org.

Para sa higit pang impormasyon sa proyekto, bisitahin ang www.vta.org/monterey_cbtp